# Prologue

*Makati Medical Center*, October 10, 1985...

Malawak ang pagkakangiti ng dalawang middle-aged na lalaki at isang limang taong gulang na batang lalaki habang pinagmamasdan nila ang isang bagong panganak na sanggol sa loob ng nursery.

"She's really cute!" natutuwang komento ng batang lalaki. Ni hindi nito magawang alisin ang mga mata sa natutulog na babaeng sanggol.

"Yes, she is." Marahang ginulo ni Joven ang buhok ng anak na si Angelo bago bumaling sa matalik na kaibigang si Rolando. "Mukhang nakikini-kinita ko na, pare." Isang marahang tapik sa balikat ang ibinigay nito sa bagong ama. "Maraming paluluhaing binata iyang anak mo pagdating ng araw."

Isang malakas na tawa ang isinagot ni Rolando sa pasaring nito bago muling ibinalik ang pansin sa sanggol, his eyes full of fondness for his newborn daughter.

"What's her name?" tanong ni Angelo. Nagkatinginan ang magkaibigan. Si Rolando ang

sumagot.

“Well, Angelo, her name will be Destiny Anne.”

“Destiny Anne,” the little boy whispered softly as if savoring the name in his mouth, his small form leaning against the glass window, his dark brown eyes never leaving the sleeping babe. “It’s a beautiful name.”

“And she’s going to be a real beauty when she grows up,” Joven added.

“My little Destiny,” Rolando murmured, leaning against the glass window of the nursery.

“Daddy?” tawag ni Angelo sa ama.

“Yes, son?”

“When I grow up, I’m going to marry her. I’ll make her my Destiny,” he announced with a voice full of certainty. Kapwa nagulat ang dalawang lalaki, not expecting to hear such from a five-year-old. Both men eyed him with obvious disbelief.

“I’ll marry you someday, Des. That’s a promise,” he whispered. Wari’y narinig ng sanggol ang sinabi ng batang lalaki, dumilat ito sandali at naghikab bago muling bumalik sa pagtulog. Angelo let out a giggle.

Muling nagkatinginan ang magkaibigan. Nabigla man sa ipinahayag ng paslit, parehong may makahulugang ngiti sa kani-kanyang mga labi ang dalawa.

# 1

Rolando stormed inside the room, his face hard and grim. Kasunod nito ang asawang si Lolita at ang anak na si Destiny na kiming umupo sa mahabang sofa. Tuluy-tuloy sa mini-bar ang lalaki at mabilis na nagsalin ng alak sa isang kopita. Sa isang lagok lamang ay napangalahati nito kaagad ang laman ng baso. Pasulyap-sulyap naman ang dalaga sa ama.

"D-Daddy..."

Lumikha ng isang lagabog ang basong inilapag ni Rolando sa bar counter. Galit na binalingan nito ang anak.

"Shut up, Destiny!" bulyaw nito. She cringed.

"Rolando, please calm down."

"Calm down?" Galit nitong hinarap ang maybahay. "How can you expect me to calm down pagkatapos ng ginawa niyang magaling mong anak!" anito, sabay turo sa kinauupuan niya.

"P-pero, D-Daddy..."

"Shut up!" muling bulyaw nito. "Don't you dare say a word! I'm fed up with your damned, miserable

excuses!" nanggigigil na banta nito. Wala siyang nagawa kundi ang manahimik. Kahit gustuhin man niyang ipagtanggol ang sarili ay hindi niya magawa dahil natatakot siya sa nakikitang galit ng ama at ayaw na niyang gatungan pa iyon.

"I've had enough with you, Destiny Anne! This time I'm really, really disappointed with you."

Alam ni Des na nakatitig sa kanya ang matandang lalaki ngunit nanatili siyang nakayuko. Nagsimulang mag-init ang sulok ng kanyang mga mata. Kung magagawa nga lamang niyang ibalik ang oras upang maitama ang maling nagawa. Talaga nga palang nasa huli ang pagsisisi.

"I'm really s-sorry, D-Daddy! I... I d-didn't mean it," she whispered timidly. Daig pa niya ang isang maamong tupa.

"You didn't mean it?" Her father's voice bellowed in rage. "Kusa kang sumama sa mga walang-kuwentang taong iyon at pagkatapos ay sasabihin mong hindi mo sinasadya? Hindi kita pinag-aral para lamang lumaking wala man lang sentido kumon!" Nabitin sa lalamunan ni Destiny ang isang hikbi. Her father never laid a hand on her kahit anong tigas ng ulo niya. Ngunit nang mga oras na iyon ay alam niyang nagpipigil lamang itong pagbuhatan siya ng

kamay.

"Go to your room, young lady, and stay there! You're grounded! Hindi ka lalabas ng bahay na ito hangga't hindi ko sinasabi!"

Her defiant side wanted to rebel against his decision, pero nang makita niya ang mukha nito ay nagbago ang isip niya. Rolando recognized the boldness of his daughter's expression.

"Don't give me that look, Destiny Anne. Sinagad mo na ang pasensya ko. Huwag mong hintaying tuluyang mawala ang katiting pa na pagtitiwala ko sa iyo. Go to your room!" he ordered, his voice thundered across the room. "Now!"

Tila maamong tupa na tumalima siya sa utos ni Rolando. Sa loob ng silid ay padapa siyang humiga sa kanyang kama at marahang umiyak. She really felt stupid—and hurt. Hindi niya akalaing pagagalitan siya nang ganoon ng kanyang ama. They had misunderstandings before, pero palagi na'y ito ang nauunang sumuko. She was daddy's little girl, after all. Pero ngayon ay alam niyang sukdulan na ang naging galit nito. She went way beyond propriety this time and she could not blame her father for his outrage.

*Ang tanga ko talaga!* she berated herself.

Bumaling siya patihaya at tumitig sa kisame. How was she to know that her supposedly harmless date will turn into a nightmare?

It was Valentine's night at niyaya siya ni Paulo para sa isang night out. Kasasagot pa lang niya sa lalaki noong nakaraang linggo. Sumama siya sa pag-aakalang magdi-dinner lamang sila, manonood ng sine at pagkatapos ay uuwi na. Pero laking dismaya niya nang dalhin siya nito sa isang bar sa Pasay...

*"Bakit dito tayo nagpunta?" she asked.*

*"Bakit, ano naman ang masama?" patuyang sagot nito.*

*"I thought we're supposed to have dinner." Tumawa lamang ang kanyang nobyo.*

*"Masyadong pormal at ordinaryo na ang dinner. This will be a lot more fun."*

*"Ayokong pumasok diyan!" reklamo niya.*

*"Come on, Des. Don't be a snob!"*

*Sa halip na sumagot ay humalukipkip lamang siya sa kinauupuan, nakasimangot ang mukha. Nang makita ni Paulo ang kanyang ekspresyon ay naiinis*

*pa ito imbis na maalarma.*

*“Oh, come on, Des! Tigilan mo nga ang kaartehan mo!”*

*Manghang napatitig siya rito, hindi makapaniwalang ito pa ang may ganang magalit. “P’wede bang huwag kang umarte diyan! Baka naiinip na sina Eric sa loob. Nakakahiya d’un sa mga kaibigan ko!” At kasama pa pala nito ang mga kaibigan! Lalong nalukot ang kanyang magandang mukha.*

*“Okay, fine!” Itinaas pa ng binata ang dalawang kamay. “Kung ayaw mong sumama sa akin, di huwag! Maghintay ka dito sa loob ng kotse! Or better yet…” Hinugot nito mula sa ignition ang susi. “Umuwi kang mag-isa!” He stormed out of the car, slamming the door behind him. Tuluy-tuloy ito sa entrance ng bar at ni hindi man lamang siya sinulyapan bago pumasok.*

*Destiny’s jaw dropped. May ilang segundo ring nakatulala lamang siya at nakatitig sa pintong pinasok ng nobyo. Diyata’t iniwan siya nito! Naiinis na lumabas siya ng kotse.*

*It was already ten o’clock in the evening. Hindi niya kakayaning umuwi mag-isa dahil hindi siya sanay mag-commute at hindi rin niya masyadong kabisado ang lugar. She could get a taxi, pero nang*

*maalala ang balitang napanood niya sa TV tungkol sa isang dalagitang sinaktan ng isang taxi driver dahil lamang sa cab fee ay bigla siyang natakot. She groaned in frustration. Nauubusan na siya ng option!*

*Inilabas niya ang cellphone mula sa shoulder bag, contemplated on calling her parents but in the end decided not to. Hindi alam ng mag-asawa ang tungkol kay Paulo at lalong hindi alam ng mga ito na sumama siya sa nobyo. Ang alam ng mga ito ay ang best friend niyang si Mimi ang kasama niya nang gabing iyon. Tiyak na magagalit sa kanya ang kanyang ama kapag natuklasan nito ang ginawa niya.*

*Si Mimi! Tama! Kaagad niyang ini-dial ang numero ng kaibigan ngunit hindi niya ito ma-contact. Marahil ay nakapatay ang CP nito. She leaned back, dismayed. Now what?*

*May isang lalaking lumabas mula sa entrance ng bar. Sandaling pumailanlang sa kanyang pandinig ang maharot na tugtugin sa loob. Naipadyak niya ang isang paa dala ng inis. Bakit ba kasi sumama pa ako sa lalaking iyon? paninisi niya sa sarili.* Why did you make him your boyfriend in the first place? *her sensible side mocked.*

*Napaungol ang dalaga at muling tiningnan ang façade ng bar. The signage says* Hot Chicks Bar and

Restaurant *in bright, running letters. Sa tabi nito ay outline ng isang babae na animo nagsasayaw epekto ng pagsasalit-salit ng mga running lights na nakakabit dito. Hindi naman iyon ang unang pagkakataon na papasok siya sa isang bar, ngunit malaki ang ipinagkaiba ng lugar na iyon sa mga first-class bars and clubs na madalas nilang puntahang magkakaibigan.*

*Isang malakas na sipol ang narinig niya sa kanyang likuran. Dalawang lalaki ang nalingunan niyang malisyosong nakatingin sa kanya. Mabuway ang tindig ng mga ito at namumungay ang mga mata dala ng kalasingan. Nakadama siya ng takot kaya hindi na siya nag-isip pa. Halos patakbong pumasok siya sa loob ng bar. She'd rather be in the deep blue sea than with the company of those devils!*

*Biglang napaubo si Destiny nang salubungin siya ng usok ng sigarilyo na pumalibot na sa loob ng bar. Her eyes strained against the dimly lighted place to look for a familiar figure. Nakita naman niya ang hinahanap. Paulo's friends saw her first. Ininguso siya ng mga ito sa nobyo. Habang papalapit siya rito ay napansin na niya ang nakakalokong ngisi nito.*

*"I knew you'd come to your senses!" he said, half amused. Pinigil niya ang sariling irapan ito. "Halika,*

*maupo ka dito sa tabi ko." He gestured at the empty seat beside him. Napilitan siyang maupo. Kaagad siyang inakbayan nito pagkatapos.*

*"Siyanga pala, honey, kilala mo na sina Eric, di ba?" muwestra nito sa tatlong kaibigan at sa mga babaeng nahihinuha niyang girlfriends ng mga ito. Tumango lamang siya at isang pilit na ngiti ang ibinigay sa mga kaibigan ng nobyo. Isang simpleng 'hello' lang ang isinagot ng mga ito sa kanya bago muling itinutok ang mga mata sa stage na waring may hinihintay.*

*She curiously surveyed the place. Malaki ang interior ng bar. Halos lahat ng mga mesa ay okupado ng mga customers na karamihan ay mga lalaki. Halos lahat ay may ka-table na mga babaeng nahulaan na niyang mga GROs. Nagulat pa siya nang mamatay ang mapusyaw na ilaw na tumatanglaw sa loob ng bar kasabay ng pagbukas ng isang spotlight na nakatutok sa maliit at mababang stage. Ilang segundo lang ay pumailanlang ang isang sensual na tugtugin sa sound system.*

*Hinapit pa siyang lalo ni Paulo palapit sa katawan nito, his eyes still transfixed on the stage, waiting in anticipation. Ganoon din ang ekspresyon sa mukha ng mga kaibigan nito. Suddenly, a girl, probably*

*not older than fifteen, entered the stage. Nakasuot lamang ito ng isang pares ng panloob na halos hindi na rin nagawang itago ang dapat itago. Nagsimula ito sa mabagal at mapang-akit na pag-indak. Bawat kilos nito ay sinasabayan ng hiyawan at sipol ng mga manonood. Patuloy ito sa mabagal na pagkilos, swaying provocatively, as if in a trance.*

*"Hubarin mo na!" Destiny heard someone yell. Nagtawanan ang mga kasama niya sa mesa.*

Oh, my God! *naisaloob niya.* Ano ba itong napasok ko? *Nanlalaki ang mga matang muli siyang tumitig sa stage. Bale-walang inalis ng dalagita ang suot na panloob at nakangiti pang ibinilad ang hubad na katawan sa kasiyahan ng mga manonood.*

*Naramdaman niya ang paghalik ni Paulo sa kanyang leeg. "Keep watching, honey! Mag-e-enjoy ka sa mangyayari." Napaungol ang si Destiny. Ungol na inakala nito na pagsang-ayon niya. Mas naging mapusok ang halik nito, nagsimulang gumapang ang mga labi, ang isang kamay nitong nakayakap sa kanyang baywang ay lalo pang humapit sa kanya palapit samantalang nagsimulang maglakbay ang isa pang kamay nito sa kanyang hita at paakyat pa.*

*But she felt numb and unaware of Paulo's advances. Parang napagkit sa pagkakatutok ang kanyang mga*

*mata sa entablado, sa dalagitang ngayon ay hindi na nag-iisa at may kasama nang lalaki, at sa bawat kilos ng mga ito na nagpapahayag ng kung ano pa ang nakatakdang mangyari. The couple, engaged in a sexual foreplay, now positioned themselves for the act. Lalong lumakas ang hiyawan ng mga manonood nang maging isa ang dalawang katawan. Parang gustong bumaligtad ng sikmura ni Destiny. Paanong nasisiyahan ang mga taong ito sa ganoon kalaswang akto?*

*Hindi na niya natagalan ang eksena. Akmang tatayo siya nang pigilan siya ng nobyo.*

*"Hey, what's wrong?" tanong ni Paulo habang patuloy ang paghalik sa kanyang leeg. Parang noon lamang siya nagising sa kanyang pagkakatulog. Noon lamang niya namalayan ang pananamantala nito.*

*"Ayoko na dito! Aalis na ako, Paulo!" Galit na tinabig niya ang kamay nitong nakapatong sa kanyang hita, bago sinabayan ng tayo. Mabilis nitong nahawakan ang kanyang braso at pilit siyang hinila paupo. Nagpumiglas siya. "Ano ba!"*

*"Hey, relax!" Sandaling naagaw ng pagwawala niya ang pansin ng mga kaibigan nito. Nagngalit ang mga bagang ng binata, nasa mukha nito ang labis na pagkapikon.*

*"Hayaan mo na 'yang girlfriend mo, Pau. Killjoy naman iyan, eh!" natatawang sabi ni Eric.*

*Tiningnan niya ito nang matalim bago tuluyang lumakad palayo sa mesa ng mga ito. Derecho at may pagmamadaling tinungo niya ang pinto palabas ng bars, ngunit ilang hakbang na lamang ang layo niya ay bigla itong bumukas.*

*"Walang kikilos!* NBI*! Raid ito!"*

# 2

Muling dumapa si Destiny at isinubsob ang mukha sa unan. Malay ba niyang matagal na palang under surveillance ng *NBI* ang bar na iyon dahil sa hinihinalang live sex act na ipinalalabas ng may-ari? At malay ba rin niyang iyon ang gabing ire-raid ng mga ahente nito ang naturang club? Mabuti na lamang at kasama sa raiding team ang kanyang ninong na hepe ng pulisya. Nakilala siya nito kaya hindi na siya nasama sa mga taong nadala sa presinto. Iyon nga lang, tinawagan nito ang kanyang mga magulang.

Umungol siya at nanggigigil na itinakip ang isang unan sa ulo.

Samantala, nasa sala pa rin at nag-uusap ang mag-asawa.

"Don't you think you've been too hard on your daughter, Rolando?"

"Ano ang gusto mong gawin ko? Tawanan lang ang ginawa ng anak mo at umastang parang bale-wala lang ang lahat? My God! Kailan pa siya natuto na pumasok sa isang torohan? Ano ang susunod

nating malalaman, na gumagamit na rin siya ng drugs?"

Puno ng pang-unawang nilapitan ni Lolita ang kabiyak na nakaupo pa rin sa stool sa mini-bar. Masuyo nitong hinawakan sa braso ang lalaki na bumaling naman paharap dito.

"I know why you're angry, dear." She gently patted her husband's cheek. "Nagagalit ka dahil natakot ka sa maaaring kinahinatnan ni Destiny sa lugar na iyon." Bumuntong-hininga si Rolando at nailing na tumitig sa kawalan.

"Kung minsan ay iniisip kong kasalanan ko kung bakit lumaki siyang ni wala man lamang sense of responsibility. Have I spoiled her too much?"

"You only loved her too much, Dear. At walang masama doon. Hindi mo siya kailanman pinabayaan. And I'm really proud and thankful that you are her father." Muli itong bumuntong-hininga.

"What am I going to do with her, Lolita? Beinte-dos años na siya, ngunit hanggang ngayon ay hindi pa rin niya alam kung ano ang gusto niyang gawin sa buhay niya!" Tinitigan ng ginang ang asawa. Wala rin itong maapuhap na sabihin. "She needs a man to tame her, put some sense into her stubborn head!"

"Rolando, huwag mong sabihing…."

"Dapat ko na sigurong tuparin ang kasunduan namin ni Joven."

"P-pero…" may pag-aalinlangang tutol ni Lolita. "Hindi kaya mas lalo lamang magrebelde si Destiny kapag nalaman ang binabalak mo?"

"Tuluyan ko na siyang itatakwil kapag ginawa niya iyon! And besides, walang lakas ng loob iyang anak mo na magrebelde dahil alam niyang hindi siya mabubuhay nang walang pera!"

"Rolando!"

"I'm sorry, Lolita." Tumungga itong muli ng alak. "Ayoko rin namang gawin ito. Kung hindi lamang ganyan ang ugali ni Destiny, I would rather choose for fate to run her usual course. Pero wala na akong choice. We're not getting any younger. Gusto kong makitang nasa maayos at ligtas na kalagayan ang anak natin bago man lamang tayo mawala sa mundong ito. And given her poor taste in men, mas pipiliin ko na ang anak ni Joven."

"Rolando, please think this over. I've known Angelo as a child. At alam kong napalaki siya nang maayos nina Joven at Almira at wala akong tutol kung siya man ang makatuluyan ng anak natin.

Pero mali na pangunahan natin ang kani-kanilang damdamin. You may have made that ridiculous agreement with Joven way back, pero hindi kayo ang magpapakasal. The kids barely know each other! Paano ka nakatitiyak na papayag ang mga bata sa gusto ninyo?"

"Trust me, dear. Alam kong papayag si Angelo na pakasalan ang anak mo." Tinitigan ng don ang kabiyak. "Sana'y maintindihan mo ako, mahal ko. I just want to see Destiny with someone I could trust."

"Nauunawaan kita, Rolando. Pero sa tingin mo ba'y papayag si Des sa gusto mong mangyari? Personal na buhay na niya ang pakikialaman mo."

"Wala siyang choice!" matigas na pahayag ni Rolando. It was Lolita's turn to let out a troubled sigh.

Arranged marriage for Destiny? Ngunit iyon lamang ang pinakamabuting paraan upang hindi tuluyang mapariwara ang kanilang anak.

NAGISING SI DESTINY isang umaga na naabutang may mga bisita ang mga magulang. Isang linggo na mula nang ikulong siya ng kanyang ama sa mansyon at hanggang ngayon ay hindi pa rin siya

nito pinapayagang lumabas nang walang kasamang chaperone. Inip na inip na si Destiny.

"Oh, there you are!" masayang bati ng kanyang ina nang maabutan siya nitong umiinom ng kape sa komedor. "Pinuntahan kita sa silid mo dahil pinagigising ka na ng daddy mo. Mabuti naman gising ka na. Halika." Lumapit ito sa kanya at hinila siya patayo. "Gustung-gusto ka nang makita ng ninong at ninang mo."

Inakay siya ni Lolita papasok sa study. Sa loob ay nadatnan niyang masayang nagtatawanan ang kanyang ama at ang dalawang bisita. Sandaling tumahimik ang mga ito nang makita siya. Ang babaeng sa tantya niya ay kaedad lamang ng kanyang ina ang unang lumapit at yumakap sa kanya.

"My God, look at you! Dalagang-dalaga ka na!" bulalas nito

"Siya na ba ang inaanak namin, pare? Aba'y pagkaganda nga!" anang matandang lalaki na lumapit din sa kanya. Nginitian niya ang dalawang panauhin bago nagtatanong ang mga matang tumingin sa kanyang ama.

"Siyanga pala, Destiny, I want you to meet your Ninong Joven and your Ninang Almira," pakilala

nito sa mga bisita.

"Kumusta po kayo?"

"Mabuti naman, hija. Tuwang-tuwa kami dahil finally, after so many years, nakilala ka na rin namin. You were just a baby when we left."

"Oo nga, Des," Joven said, fondly using her nickname. "Tiyak kong matutuwa si Angelo kapag nakita ka. If there was someone who misses you so much, siya iyon!" natatawang pahayag nito. Alanganin ang ngiting isinukli niya dahil hindi pamilyar sa kanya ang pangalang binanggit nito.

"Ah, kumpare, kailan nga pala ang uwi ng binata mo?" tanong ng daddy niya.

"A week from now. Just in time para mapag-usapan ang kasal ng mga bata." Makahulugan siyang tinitigan ng kanyang ninong. Itatanong sana niya kung sino ang ikakasal, ngunit naunahan siya ng kanyang ina.

"Siyanga pala, nakahanda na siguro ang pagkain. Why don't we have an early lunch? Tutal ay malapit na ring mag-alas-onse." Sinang-ayunan naman ng lahat ang sinabi nito.

Lunch went on smoothly and gaily. At dahil

matagal ding hindi nagkita ay parang mga batang hindi matapus-tapos ang kuwentuhan ng matatanda. Natutuwang nakinig lamang si Destiny sa biruan ng mga ito. Mag-a-alas-doce na nang magpaalam ang kanilang mga bisita. Nangako ang mga ito na babalik muli kapag nakauwi na ang kinakapatid niyang si Angelo.

Nang makaalis ang kanilang mga panauhin ay tinawag siya ng kanyang daddy at pinasunod pabalik sa study. Nagsalubong ang kanyang mga kilay. Ano kayang mahalagang bagay ang pag-uusapan nila? *Baka naman napatawad na niya ako at hindi na ako grounded?* Biglang gumuhit ang ngiti sa kanyang mga labi sa kaisipang iyon. May pagmamadaling sumunod siya sa mga magulang.

"Siguro'y nabigla ka nang makita ang ninong at ninang mo," panimula ni Rolando nang makaupo na siya sa settee. "Matalik kaming magkaibigan ng Ninong Joven mo. Higit pa sa magkapatid ang turingan namin." Nanatili siyang nakikinig sa ama. "You were only a year old, hija, nang magdesisyon silang manirahan na sa Canada. Ngayon na lamang sila muling umuwi dito." Tumangu-tango pa siya habang nagkukuwento ito.

"Alam kong estranghero sila para sa iyo lalo na

ang kinakapatid mong si Angelo. Ngunit ngayon pa lamang ay gusto kong sanayin mo na ang sarili mo sa presence nila. They will be part of our family soon," makahulugang sabi ng matanda. Biglang kinabahan si Destiny sa tono ng pananalita nito.

"Your Ninong Joven will call us kapag confirmed na ang flight ni Angelo pauwi dito. Ikaw ang susundo sa kanya sa airport. We'll give you a week or two to get aquainted with each other. At pagkatapos noon ay pag-uusapan na namin ang pagpapakasal n'yo."

She stared wide-eyed at her father. Sa pag-aakalang nagbibiro lamang ito ay humagikgik siya.

"Si Daddy naman, ano bang klaseng biro iyan?"

"Nakita mo bang tumatawa ako?" tugon nito na seryosong tumitig sa kanya. Parang noon lamang rumehistro sa kanyang kamalayan ang sinabi ng ama. Nakadama siya ng panic.

"Daddy, you can't be serious!" Ngunit nanatili lamang itong nakatingin nang matiim sa kanya. Nang balingan niya ang kanyang ina ay hindi ito makatingin nang derecho sa kanya. "I can't believe this!" Hindi makapaniwalang napatayo siya at nagpalakad-lakad. "I can't believe this!"

"Sit down, Destiny Anne."

Hinarap ng dalaga si Rolando. "Look, Dad, I know I lied to you. Niloko kita at sinuway and I'm really sorry! But don't you think this punishment is too much? Ipakakasal mo ako sa isang lalaking ni hindi ko pa nakita sa tanang buhay ko!"

"I'm doing this, not because I'm punishing you. I'm doing this for your own good," kalmanteng sagot nito.

"Cliché! Marami na akong nabasang ganyan, Daddy!"

"Des, please listen to your father first," mahinahong saway ni Lolita. Ngunit ayaw niyang makinig. Pakiramdam niya ay sasabog ang kanyang dibdib sa tindi ng nararamdamang emosyon.

"No! Hindi ako pakakasal sa isang kung sino lang!" mariing tugon niya.

"Hindi isang kung sino lang si Angelo, Destiny!"

"Kahit pa! Hindi ako pakakasal sa kanya!"

"Fine!" Nagulat siya sa naging sagot ng ama. Sumusuko na ba ito? "Kung ayaw mo, hindi kita pipilitin. Pero hindi ako ang magsasabi niyan sa mga ninong mo. Ikaw ang kumausap at magsabi sa kanila!"

“What?” she shrieked.

“Sa akala mo ba’y gusto ko ang ideyang magpapakasal ka kay Angelo? Why, he deserves someone better than you!” Hindi makapaniwalang napatitig siya rito. There was disappointment in his eyes.

“Look at you! Ilang taon ka na ba? Hindi ka na bata and yet ni wala ka pa ring matinong magawa sa buhay mo! Puro party at bar-hopping ang alam mong gawin! Matagal ka nang tapos sa pag-aaral, pero ni ayaw mong maghanap ng trabaho! You’re immature and irresponsible!” Napasalampak ng upo ang dalaga sa settee. Hindi niya magawang kontrahin ang mga sinabi nito.

“Ni hindi ko nga lubos-maisip kung bakit gustung-gusto ka ng ninong mo, kung bakit pumayag si Angelo, gayung alam nila ang lahat ng mga kalokohang kinasangkutan mo!”

She eyed her father questioningly.

“Nagtataka ka?” Hindi siya makasagot. “Hindi ka isang ordinaryong babae, Destiny. Isa kang Montilla! At ang mga katulad ng pamilya natin ang pinag-iinitan ng media, if you haven’t noticed yet!” puno ng sarkasmong pahayag nito. Nakagat niya

ang pang-ibabang labi. Suddenly, her boldness left her. Napayuko siya.

"N'ung ipanganak ka'y nangako kami ni Joven sa isa't isa na ipakakasal namin ang aming mga anak kapag dumating na ang tamang panahon. Somehow, your Ninong Joven held me to that promise. Ngayon ko pinagsisisihan kung bakit ako pumayag sa kasunduang iyon. Isang malaking kahihiyan lamang ang idudulot natin sa kanila." Halata sa tinig nito ang pagkabigo. Parang tinarakan ng isang patalim ang pakiramdam ni Destiny. Nasasaktan siya dahil napakababa ng tingin ng kanyang ama sa kanya. Ngunit hindi niya magawang pasubalian ang lahat ng sinabi nito. She was everything he spoke of.

Hindi na mabilang ang mga pagkakataong binigyan niya ng sama ng loob ang kanyang mga magulang dahil sa kawalan niya ng direksyon sa buhay. Wala siyang drive para maghanap ng trabaho. Ni wala siyang ambisyon. Lumilipas ang bawat araw niya sa piling ng mga kaibigan na kadalasan ay nagiging dahilan pa ng kanyang muntik-muntikanang pagkapahamak. Hindi niya alam kung ano ba talaga ang gusto niyang mangyari sa buhay niya at aminado siyang isa siyang malaking disappointment para sa mga magulang.

All of her growing years, her parents showered her with love and affection. Hindi rin nagkukulang ang mga ito ng pagpapaalala sa kanya. Ngunit sadya nga yatang matigas ang kanyang ulo.

She felt the sting of unshed tears.

"Ihanda mo na ang sarili mo. You and Angelo will be married soon."

"But I... I can't m-marry him! M-may boyfriend na ako." Halos bulong na lang na lumabas sa bibig ni Destiny ang huling pangungusap. Sinabi lang niyang may kasintahan siya bilang katuwiran. Nakipaghiwalay na siya kay Paulo matapos ang insidente sa bar, mula nang ma-grounded siya ng ama.

"Ipinagmamalaki mo ang boyfriend mo? That maniac is nothing but a pretty face and a hard dick!" her father exclaimed. Gulat na napatingin siyang muli kay Rolando. He rarely used vulgar words. Ngunit nang mga sandaling iyon ay wala itong pakialam, maging bastos man. Ilang segundo ring nakipagsukatan siya ng tingin dito. Ngunit hindi niya nakayanan ang pang-uusig na nakita sa mga mata nito. Muli siyang yumuko.

"Y-you're being unfair, Daddy. H-hindi ako

ganoon kairesponsable," she said in a trembling voice. She tried to reason out with her father. Baka sakaling maawa ito sa kanya. "If you c-could just give me one more chance—"

"Then this is your chance!" putol nito. "Patunayan mo sa magiging asawa mo at sa magiging biyenan mo na mali ang pagkakakilala ko sa iyo. Prove me wrong, Destiny Anne." May paghahamon ang tinig ng kanyang ama.

Wala nang nagawa pa ang dalaga. She bolted out of the room, hurt and helpless. Nang makapasok sa kanyang silid ay hinayaan niyang dumaloy ang luha.

*Mali ka ng iniisip sa akin, Daddy!* muling daing ng kanyang puso. *Patutunayan ko sa iyong mali ka!*

But could she sacrifice her freedom just to prove to her father that she can be a better person?

# 3

"Des?" tawag ni Lolita mula sa labas ng kuwarto. Pagkatapos ng pag-uusap nila ng ama ay nagkulong na siya sa kanyang silid. Ni hindi siya sumalo sa mga ito nang maghapunan. Narinig niyang muling tinawag ng ina ang kanyang pangalan, ngunit hindi pa rin siya sumagot. Sunod na narinig niya ay ang pagbukas ng pinto sa kanyang silid. Dumapa siya sa kama at itinakip ang isang unan sa ulo. She heard the sound of a tray being put down on the table. Pagkatapos ay naramdaman niyang umupo ang ginang sa tabi niya.

"Des, I know you're still awake. Come on." Her mother patted her back gently. "Hindi ka pa kumakain. Dinalhan kita ng hapunan mo. Niluto ni Yaya ang paborito mong ulam."

"I'm not hungry," she mumbled from under her pillow.

"Des…" Bumuntong-hininga ito. "Alam kong nagtatampo ka sa daddy mo. Pero sana unawain mo kung bakit niya ginagawa ito. He's just concerned about you and…"

Inihagis niya ang unan na nakatakip sa kanyang ulo, bumangon mula sa pagkakahiga at naupo sa gilid ng kama, patalikod sa ina.

"He doesn't love me anymore! And he just wants to get rid of me!" hinaing niya na hindi maiwasang humikbi kaya naging pabulol ang pagsasalita niya. Mula nang magkulong siya sa silid ay wala na siyang ginawa kundi ang umiyak. At ngayon ay nagbabanta na namang tumulo ang kanyang luha.

"Huwag mong sabihin iyan, Destiny."

Malungkot na napabuntong-hininga ang dalaga. "I know he hates me, and I can't blame him. Hindi ko rin alam kung bakit ganito ako, Mommy. I never meant to hurt you both! God knows, I'm trying my best to be the perfect daughter that you can be proud of. Pero hindi ko talaga magawa. I'm such a failure!"

"Anak…" Lumipat ng puwesto ang ginang. Umupo ito sa tabi niya at kinabig siya payakap. Isinandal niya ang ulo sa balikat nito. "You don't have to be perfect para mahalin ka namin. We love you just as you are."

"Pero hindi ganoon ang sinasabi ni Daddy."

"Your father didn't mean a lot of the things he said. At huwag mo ring isipin na wala siyang tiwala

sa iyo. We trust you, Des. Pero hindi ang klase ng mga taong sinasamahan mo. Admit it, baby, you're a poor judge of character. Masyadong madali para sa iyo ang magtiwala sa ibang tao, and unintentionally, that often leads you to trouble. We can't always be here to protect you, Des. At hindi rin sa lahat ng pagkakataon ay susuwertehin kang makalusot sa anumang gulong kasasangkutan mo. And that's what scares us most, lalo na ang daddy mo." Inihiga siya ng ina sa kandungan nito at hinimas ang kanyang buhok. Ipinikit niya ang mga mata.

"Alam mo bang noong ipinanganak ka, ni ayaw umalis ng daddy mo sa bintana ng nursery room sa takot na baka mapabayaan ka ng mga nurses doon?" She giggled. Nagpatuloy si Lolita, "And every night, when you were just a baby, hindi nakakalimutan ng daddy mo na kargahin ka bago siya matulog, kahit pa pagod na pagod siya sa trabaho. Mas nauuna pa siyang magising para magtimpla ng gatas mo tuwing hatinggabi."

"Oh, Mommy!" Her heart ached, and her voice trembled. Mas lalong tumindi ang guilt na nararamdaman niya sa sarili.

"We love you so much, Destiny Anne. At kahit ilang ulit ka pang gumawa ng kalokohan, hindi

magbababago ang pagmamahal na iyon."

Bumangon siya at muling humarap sa ina. Lolita looked at her closely. "I can't justify your father's decision. Pero alam kong kaya niya ginagawa ito'y dahil nais lamang niyang mapabuti ka. Please understand him, Des. Maaaring sa ngayon ay napakahirap maunawaan ang dahilan niya. But in time, you will. Please trust your father."

"Pero hindi ko mahal si Angelo, Mommy. Ni hindi ko pa siya kilala!"

"You will have all the time in the world to get to know him. And if it's any consolation, he's really handsome!" panunukso nito. She felt herself blush.

"Mommy!" The older woman let out a giggle and framed her daughter's face with her hands.

"Hindi ka masamang anak, Destiny. And we don't hate you. Itanim mo iyan palagi sa isip mo. You're just confused and partly, kasalanan din namin iyan ng daddy mo. We have sheltered you and spoiled you for so long. At ngayong malaki ka na'y nalilito ka naman kung saang direksyon ka susuling. You just need someone to show you the way, baby."

"At si Angelo iyon?"

Isang tango lamang ang isinagot ng kanyang ina bago siya muling niyakap. Sa isip ni Destiny ay alam niyang tama ito. At gusto niyang magtiwala rito. Pero kahit ano ang gawin niya ay hindi pa rin matanggap ng kanyang puso na nakatakda na siyang pakasal sa isang estranghero.

"YOU'RE GETTING MARRIED?" eksaheradong ulit ni Mimi. Nasa loob sila ng game room ng bahay ng mga Montilla at bigla itong natigil sa paglalaro ng *PSP* nang marinig ang sinabi niya.

"And I hate it!"

"Pero bakit? Akala ko ba'y ayaw ng daddy mo kay Paulo? Bakit ngayon ay magpapakasal na kayo?"

"Hindi si Paulo ang pakakasalan ko. Break na kami."

Lalong nanlaki ang mga mata ng kaibigan. Basta na lamang nitong inilapag sa sahig ang nilalarong instrumento at kaagad na lumapit sa kanyang kinauupuan. Pumuwesto ito sa harapan niya. Destiny rolled her eyes heavenward. Basta talaga tsismis, walang titindi pa sa lukaret na babaeng ito.

"Aber! At sino naman ang malas na lalaki?"

Sumimangot siya sa tanong nito.

"Angelo Lacsamana ang pangalan niya. Kinakapatid ko siya."

"Angelo Lacsamana? I've never heard of the name. Hindi ko 'ata siya kilala."

She let out a humorless laugh. "Well, pareho lang tayo! Ni hindi ko pa nakikita ang taong iyon sa buong buhay ko."

"Eh, bakit ka pumayag na magpakasal sa kanya?"

"I have no choice, Mimi." Sinimulan niyang ikuwento sa kaibigan ang naging pag-uusap nilang mag-ama.

"Gosh!" wala sa loob na nasabi nito nang matapos siya. "I never thought Tito Rolando would concede to an arranged marriage."

"What am I going to do, Mimi?" she asked in desperation. Nag-Indian sit ang dalaga at nangalumbaba. Tumingin ito sa kisame at umaktong nahulog sa isang malalim na pag-iisip. Ngunit nagawa lamang nitong magkibit-balikat nang tumitig sa kanya makaraan ang ilang sandali.

Destiny groaned.

“Well, look at the bright side.”

“There is no bright side! In two days, uuwi na ang Angelo na iyon and soon, ise-set na ng mga magulang namin ang kasal. How can I marry him? Ni hindi ko nga siya boyfriend! I don’t even know him, and I’m definitely not in love with him!”

“Asus! Eh, para namang in love ka d’un sa mga naging boyfriends mo!” Tinitigan niya nang matalim ang kausap. Bumungisngis lamang ito.

“So when are we going to meet this Angelo?” tanong nito. Nangunot ang noo niya.

“Ano’ng ‘we’ ang pinagsasabi mo diyan?”

“Di ba sabi mo, ikaw ang susundo sa kanya sa airport? Sasama ako. Kailangan ko ding makilala ang Angelo na iyon, ano!” Lalong nagsalubong ang mga kilay ni Destiny. “At saka, grounded ka pa rin, di ba? Hindi papayag si Tito Rolando na umalis ka ng bahay nang walang kasama. So, I’m going to be your chaperone,” her friend bubbly said. Napasimangot siya.

“Ano ka ba? Ang laki na nga ng problema ko, pero imbis na makisimpatya ka, parang pusa ka pang hindi maihi diyan. Mas kinikilig ka pa yata sa akin!”

"Kasalanan ko ba if I find this whole thing romantic?" anitong ngumiti pa nang nakakaloko.

"Ano naman ang romantic sa isang arranged marriage?"

"Malay mo naman kasi, kapag nagkita kayo, eh, bigla kayong tamaan ng pana ni Kupido? That could happen, you know."

"Very unlikely!" she hissed, pagkuwan ay padabog na tumayo. "Oh, Mimi! Ano ba talaga ang dapat kong gawin?"

"Mukhang wala ka nang magagawa, eh. Bakit hindi mo na lamang sundin ang gusto ng daddy mo?" Muli siyang sumalampak ng upo at isinubsob ang ulo sa dalawang tuhod.

"Gusto ko nang mamatay!"

"Magsu-suicide ka? At pa'no mo gagawin iyon, aber?"

"Iinom ako ng lason."

"Yuck! Ang sama ng lasa n'un. Saka, ampangit ng magiging hitsura mo kapag natuluyan ka. Lawit ang dila saka puro bula ang bibig. Ngii!" her friend said comically. "Kung maglalaslas ka naman ng pulso, masasaktan ka muna bago ka mamatay. P'wede ring

magpasagasa ka na lang sa kotse pero…"

"Mimi!" Tumuwid siya ng pagkakaupo at tiningnan ito nang masama.

"What?"

"P'wede bang magseryoso ka naman?" sita niya.

"Pero seryoso naman ako," pangangatuwiran ni Mimi. Napahiga si Destiny sa carpeted na sahig. Her friend could be impossible at times at kung minsan ay nagtataka siya kung bakit nagkakaintindihan sila gayung mas madalas ay wala itong sense kausap. "I'm helping you choose your options kung paano mo kikitlin ang sarili mong buhay."

"You're making fun of this whole thing!"

"Eh, kasi naman, napaka-exaggerated ng iniisip mo. May suicide-suicide ka pang nalalaman diyan, eh, ipis nga'y di mo makayang patayin, sarili mo pa kaya?" She shielded her eyes with her arm. Well, for once Mimi made sense.

"Alam mo, gawin mo na lang kasi ang gusto ng daddy mo. Tutal naman, sabi mo nga, wala ka nang choice. Kung maglalayas ka naman, di ka rin mabubuhay nang mag-isa dahil wala kang alam na trabaho. At isa pa, wala ka rin namang tatakbuhan

na hindi ka nila makikita."

Again, Destiny groaned. Bakas sa kanyang mukha ang pagsuko. Siguro nga'y kailangan na niyang tanggapin ang kanyang kapalaran.

"ANG TAGAL NAMAN! Anong oras ba talaga ang dating ng lalaking iyon? Mag-iisang oras na tayong nakatayo rito," reklamo ni Mimi. Naroon sila sa arrival area ng airport at kasalukuyang hinihintay ang pagdating ni Angelo. Gaya ng sinabi nito, hindi ito pumayag na hindi sumama sa pagsundo sa kanyang fiancé.

"Ang sabi ni Ninong Joven, ten thirty ang dating ng flight niya. Baka na-delay lang," matabang na sagot ni Destiny. Mainit na rin ang ulo niya. At pakiramdam niya ay nagmumukha na rin siyang tanga dahil sa tuwing may grupo ng taong lalabas ay itinataas niya ang hawak na maliit na cardboard na may nakasulat na pangalan nito.

"Nang dalawang oras? Aba'y kanina pa 'ko nagugutom!"

"Eh, bakit sa akin ka nagrereklamo?" Naiinis na hinarap niya ang kaibigan at sininghalan. "Ako ba ang piloto? Kasalanan ko ba na wala sa oras ang

dating nila? At saka sino ba kasi ang nagpilit sa iyong samahan ako, ha?"

"Hey, relax! Hindi kita inaaway!"

"Nakakapika ka na kasi!" muling singhal niya. Para namang isang maamong tupa itong nagsalita.

"Sorry!" Mimi said half-heartedly. She just rolled her eyes in irritation. Gusto na niyang maiyak sa inis!

"Halika na!" Tumalikod siya.

"Ha? Saan tayo pupunta?" nagtatakang tanong ni Mimi.

"Sa mall, sa impyerno, kahit saan! Basta makaalis lang dito!" papilosopong sagot niya. Mabilis ang ginawa niyang paglakad palabas ng arrival area habang nakasunod naman sa kanya ang kaibigan.

"Eh… paano na si Angelo?"

Destiny stopped in mid-stride and faced her friend furiously. Parang dito niya gustong ibuhos ang lahat ng inis niya.

"I don't care!" she screamed. Napatanga ang ilang mga taong nasa paligid nila. Bahagya namang hininaan ng dalaga ang boses. "I don't care about

that man! Kung gusto niyang makarating sa ami'y sumakay siya ng taxi. I'm sure may pamasahe naman siya! But right now, I really don't give a damn about him!" Sinabayan niya iyon ng talikod. Walang nagawa si Mimi kundi ang sumunod na lamang sa kaibigan.

Sa *Mall of Asia* sila nakarating. Nag-aya munang kumain si Mimi sa *Yellow Cab* bago sila naglibot. Bahagyang nabawasan ang inis ni Destiny dahil nalibang siya sa pagwi-window shopping. Ngunit hindi malubos ang enjoyment niya dahil may isang tinig na umuusig sa kanya. Naisip niya si Angelo. And somehow, she felt guilty. Hindi naman nito kasalanan kung masyadong naatrasado ang dating ng flight nito.

*Baka ngayon ay naghihintay na ito ng sundo sa airport*, anang maliit na tinig.

*Hmph! P'wede naman niyang tawagan ang papa niya!* pangangatuwiran niya sa nang-uusig na tinig.

*And let your father find out that you actually left him at the airport?* Biglang natapik ni Destiny ang noo. Oo nga pala! Nasa kanilang bahay ang mga mag-asawang Lacsamana. Kung sakaling magkakamaling tumawag si Angelo sa ama nito ay malalaman din ng kanyang daddy na wala siya sa airport. At tiyak

niyang sesermunan na naman siya nito.

Tumingin siya sa relo. Mag-iisang oras pa lang naman silang naglilibot sa mall. Baka kalalapag lamang ng eroplanong sinakyan ng binata. Kung babalik sila doon ay baka maabutan pa niya ito. Bigla niyang hinanap ang kaibigan na iniwan niyang tumitingin ng pambabaeng pabango. Nang makita ito ay hinawakan niya kaagad ang kamay nito at hinila palabas sa boutique.

"Hey!"

"Halika na, Mimi. Babalik tayo sa airport."

"Ha? Bakit?"

"B-baka nandoon na si Angelo." Halos pabulong na lang na lumabas ng bibig niya.

"Akala ko ba'y wala ka nang pakialam sa lalaking iyon?"

"Well, I've changed my mind."

Nakabalik sila ng airport after half an hour. Nalaman niyang hustong nakaalis sila kanina nang lumapag ang eroplanong kinalululanan ni Angelo. Nilibot nila ang buong arrival area, hawak ang cardboard na itinataas niya kanina. Ngunit sa malas ay wala silang nakitang aakma kahit kaunti

sa inaakala nilang histura nito. Pulos matatanda na ang nakita nilang naghihintay. Naghintay pa rin sila nang may ilang minuto sa pagbabakasakaling makita ang binata. Nanlulumong napaupo na lamang siya sa isang tabi.

Paano na ngayon iyan? Lagot na naman siya sa daddy niya! Ngunit may mas higit na bumabagabag sa kanya. Alam niyang ngayon na lamang uli umuwi ng Pilipinas si Angelo at siguradong hindi na nito kabisado ang mga pasikut-sikot para makarating sa bahay nila. Marami pa namang manloloko ngayon. Paano kung mapahamak ang binata?

*God, huwag naman po sana!* piping dasal ni Destiny.

Hindi rin niya maintindihan kung bakit mas lamang ang pag-aalala niya sa kaligtasan nito kaysa sa galit ng ama na tiyak niyang sasalubong sa kanya pag-uwi.

“Nakaalis na siguro iyon,” narinig niyang sabi ni Mimi.

“Siguro nga.” Tumayo siya mula sa kinauupuan. “Let’s go. Umuwi na lang tayo,” aya niya.

# 4

Papunta na siya sa pinagparadahan niya ng kanyang kotse. Nauuna siya kay Mimi at dahil okupado ni Angelo ang kanyang isipan ay hindi niya napansin ang asul na *Toyota Innova* na tumutumbok sa dinadaanan niya.

“Destiny, look out!” hiyaw ni Mimi. Ngunit huli na. Malapit na sa kanya ang kotse. Para siyang naestatwa! Ipinikit na lamang niya ang mga mata at hinintay na tumama sa kanyang katawan ang sasakyan. But it didn’t happen. Nang magmulat siya ay nakita niyang gahibla na lang ang pagitan ng bumper niyon sa kanyang balakang.

“Miss, are you okay?” narinig niyang tanong ng lalaking bumaba mula sa passenger side ng *Innova*. Hinawakan siya nito sa magkabilang balikat, ang mga mata ay humagod sa kabuuan niya sa paghahanap ng anumang napinsala sa kanya. She looked at his face, not really seeing him. Everything sank in. Doon lamang niya natantong muntik nang manganib ang kanyang buhay. Naramdaman niyang bigla ang panlalambot ng kanyang tuhod.

“Hey! Easy!” he said in a steady, soothing voice.

Naramdaman niya ang pagyakap nito sa kanyang balakang para alalayan siya at ang paggiya nito sa kanya sa ligtas na bahagi ng parking lot. Iniupo siya nito sa likod ng isang nakaparadang pick-up.

"Destiny, are you okay?" nag-aalalang tanong ng kanyang kaibigan. Kasabay nitong lumapit ang driver ng *Innova*.

"Okay lang ba siya, pare?" tanong ng driver. Katulad ng estranghero ay magandang lalaki rin ito, just a few inches shorter than the first one.

"I think so. Wala naman siyang sugat or anything. Nabigla lang siguro siya't natakot," sagot ng lalaking nakayakap pa rin sa kanya. "Can you walk now? Wala bang masakit sa iyo?" muling baling nito sa kanya.

"Y-yes. I… I g-guess…" sagot niya nang muling makapagsalita. Unti-unting humulagpos ang pagkakayakap sa kanya ng lalaki. And strange, nang mawala ang init ng yakap nito ay sumisigaw ng pagtutol ang kanyang puso.

"Bakit kasi bigla ka na lang tumawid? Hindi mo ba narinig ang sigaw ko? Ano ba ang iniisip mo, si Angelo pa rin ba?" sunud-sunod na tanong ni Mimi.

"H-ha?" Blangkong napatingin siya sa kaibigan

na parang ibang lengguwahe ang sinabi nito. Nagkatinginan ang dalawang lalaki.

"Ah, Miss..." baling kay Mimi ng lalaking umalalay sa kanya. "Mas maganda siguro kung ihatid na namin kayo pauwi. Kailangang makapagpahinga itong kaibigan mo." Sinabayan pa nito ng isang matamis na ngiti ang sinabi. Parang batang biglang nabaling ang atensyon ng dalaga sa estranghero. Parang noon lang nito namalayan ang presence ng dalawang nagguguwapuhang lalaki sa kanilang tabi.

"Ay, oo nga pala. Pardon my manners. Nakalimutan ko na kayo. Ako nga pala si Mimi. Ito naman ang kaibigan kong si Destiny Anne," may kalandiang pagpapakilala ng babae.

"Nice meeting you, Mimi. Destiny," anang binatang driver. "Ako nga pala si Macky," pagpapakilala nito saka bumaling sa mas matangkad na binata. "At ito naman si—"

"We'd better get going. Namumutla pa rin si Destiny. She needs some rest. Ihahatid na namin kayo," putol ng matangkad na lalaki sa sinabi ng nagpakilalang si Macky. Isang makahulugang tingin ang ibinigay nito sa kaibigan.

"Kung gusto n'yo, sumakay na kayo sa likod ng *Innova*," ani Macky

"P-pero m-may sarili kaming sasakyan," Destiny said in a still trembling voice.

"O sige. Kung gusto n'yo, convoy na lang tayo. Gusto lang naming matiyak na ligtas kayong makakauwi."

"H-huwag na. M-masyadong malaking abala na iyon para sa inyo. W-we're going to be f-fine. S-salamat na lang." She looked at the tall man who was carefully looking at her. She felt uncomfortable under his keen gaze. "H-halika na, Mimi."

She tried to walk on wobbly legs. Kumapit siya sa braso ng kaibigan upang hindi siya matumba. Kaagad na umalalay ang matangkad na lalaki. Hindi na siya pumalag nang hawakan siya nito sa braso. Inihatid siya nito hanggang sa kanilang sasakyan. Nang makaupo siya sa passenger side ay muli itong nagtanong.

"Saan ba ang way ninyo?"

Si Mimi ang sumagot "Sa Ayala Alabang kami."

Tumingin muna ang binata kay Macky. Tumango ito. "I think my friend knows the way. Basta alalay

lang ang pagda-drive. Kasunod n'yo lang kami."

"P-pero h-hindi na kailangan."

"But I insist!" pagpupumilit nito. "Sige na. Susunod kami sa inyo." Isinara na nito ang pinto at bumalik na sa sariling sasakyan. Walang nagawa pa ang dalaga kundi ang tanawin na lamang ang papalayong anyo nito mula sa rearview mirror.

Narinig niyang tumikhim ang kaibigan. Nang lingunin niya ito ay nakita niya ang nanunuksong anyo nito. Nagkibit-balikat lamang ito nang titigan niya nang matalim. Ini-start na nito ang kotse at kinawayan ang nasa likod na sasakyan. Minutes later, magkasunod nang binabagtas ng dalawang sasakyan ang Coastal Road.

INABOT DIN SILA ng halos isang oras bago narating ang mansyon ng mga Montilla sa Ayala Alabang Village. Nang makapasok sa gate ang dalawang sasakyan ay kaagad na bumaba ang binata at nagmamadaling inalalayan si Destiny palabas ng kanyang sasakyan at papasok ng mansyon. Nagtataka ma'y hinayaan na lamang niya ito.

"Angelo!" masayang bati ni Ninang Almira sa lalaking nakaalalay sa kanya.

*Angelo?* May pagtatakang tinitigan niya ang katabing binata.

"Hello, Ma." Lumapit ito sa ginang at yumakap. Lumabas na rin si Joven at ang kanyang mga magulang.

"Mabuti naman at nagkita kayo ni Des. We were so worried! What took you so long?" tanong ni Lolita.

"Nagkaproblema lamang po 'yung flight na nasakyan ko. Na-delay kami ng dating," paliwanag ni Angelo.

"Well, ang mahalaga'y narito na kayo."

"Siyanga pala, Tita, Tito Rolando. Kasama ko po si Macky, 'yung kaibigan ko. I hope you don't mind."

"No, of course not! Welcome siya dito anytime, hijo. Ang mabuti pa'y kumain na muna kayo. I'm sure that you're starving." Ang daddy niya ang nagsalita.

"Ah, aakyat na lang po muna ako sa room ko, Mommy." Sabay-sabay na napatingin sa kanya ang lahat na parang noon lang naalala ang presence niya. Her statement earned a questioning look from her parents. "M-medyo m-masakit lang po ang ulo ko. Iidlip lang po muna ako sandali."

May pag-aalalang nilapitan siya ng kanyang

ina. “Hindi ka ba muna kakain, anak?”

“Kumain na po kami ni Mimi sa… a-airport,” pagsisinungaling niya. Sinulyapan niya ang kaibigan. Umayon naman ito sa sinabi niya.

“Gan’un ba? Sige, pero magpapahatid ako ng sandwich kay Yaya. Kainin mo muna bago ka uminom ng gamot, okay?” She nodded. Sinulyapan niya ang ama.

“Sige na, hija. Magpahinga ka muna,” malumanay na suhestyon nito. She smiled at her godparents but avoided looking at the tall man standing beside them.

MALALIM NA ANG GABI ay hindi pa rin dalawin ng antok si Destiny at napapagod na siya sa kabibiling sa kanyang higaan. It was very unusual for her dahil madikit lamang ang likod niya sa kama ay nakakatulog na siya kaagad. Naiinis na ipinikit niya nang mariin ang mga mata, ngunit lalo lamang naging malinaw sa kanyang paningin ang imahe ng lalaking bumabalisa sa kanya.

The masculine physique, the intense, dark brown eyes, the arrogant twist of his sensual lips as he smiles, and even the timbre of his sexy voice

that sent shivers down her spine. Sa lahat ng mga lalaking nakahalubilo na niya, isang lalaki lang ang nagpadama sa kanya ng samu't saring damdamin na hindi pa niya nararamdaman sa tanang buhay niya. Damdaming ayaw niyang maramdaman. Not for Angelo, anyway.

Naiinis na bumalikwas siya ng bangon. Di-sinasadyang napatingin siya sa dingding na pumapagitan sa kanyang silid at sa isa sa mga guest rooms, kung saan, nang mga oras na iyon ay alam niyang natutulog ang lalaking kanina pa niya iniisip.

Isang malaking shock para sa kanya ang nangyaring rebelasyon kanina. Habang kinakain ng guilt at pag-aalala ang kanyang puso ay wala siyang kamalay-malay na kasama na pala nila ang binatang hinihintay nila sa airport. And she felt humiliated by his deception.

Ayaw na sana niyang bumaba para sumalo sa hapunan dahil alam niyang naroon pa rin si Angelo at ang mga magulang nito. Ngunit alam niyang magtataka ang daddy niya kung hindi siya susunod. Sa buong hapunan ay tahimik lamang siya habang panay ang kuwento ni Angelo. Walang nakapansin sa pagiging matamlay niya. Pagkatapos ng hapunan ay nagtuloy sila sa lanai upang pag-usapan ang

kanilang kasal.

Sumisigaw ng pagtutol ang buo niyang katauhan nang mapagkasunduang isang buwan mula sa araw na iyon ay idadaos ang kasal nila ni Angelo. She searched his face for some trace of resistance, pero ngingiti-ngiti lamang ang binata. Para pa ngang excited ito sa kaalamang ikakasal na ito. Lalo siyang nanlumo. Ang buong akala pa mandin niya ay hindi ito papayag na basta na lamang matali sa isang estranghera.

Pagkatapos ng may isang oras pang pag-uusap ay nagpaalam na ang kanyang ninong at ninang na babalik na sa hotel na tinutuluyan. Susunod sana si Angelo na nagpasyang makikitira muna sa mga magulang habang hindi pa nakakakita ng pad na malilipatan, ngunit pinigil ito ng kanyang ina at hinimok na roon na lamang muna tumira.

Bumuntong-hininga ang dalaga bago padabog na bumangon. Isang malaking palaisipan sa kanya ang pagsang-ayon ni Angelo sa arranged marriage nila. Tila hindi iyon isang big deal para sa binata samantalang siya ay gustong sumigaw sa pagpoprotesta. Naisip tuloy niya ang ilan sa mga posibleng dahilan nito. Pinagbantaan din kaya itong aalisan ng mana at itatakwil kapag hindi sumunod?

Pero wala sa hitsura ni Angelo ang pagiging isang weakling. At ang daddy na rin niya ang nagsabing isang self-made man ang binata. Kayang-kaya nitong mabuhay nang maalwan kahit walang suporta ng mga magulang. Ngunit napakaimposible ring may pagtingin na ito kaagad sa kanya. Napapagod na siyang mag-isip. Maybe she needs a drink to calm her senses.

Madilim na ang buong sala at tanging isang malamlam na ilaw na lamang ang nanatiling bukas at tumatanglaw sa pasilyong papunta sa kusina. Binuksan niya ang cupboard upang kunin ang lata ng *Milo* na alam niyang nakatago roon. Lumilis pataas ang laylayan ng oversized long-sleeved pajama top na tanging suot niya on top of her cotton panties. Muntik nang malaglag ang hawak niya nang may marinig siyang pumito sa kanyang likuran. Galit na nilingon niya ang gumawa nito.

"Talaga bang hilig mo na ang mambastos?" Hindi na siya nagtaka nang makita si Angelo na prenteng nakasandal sa gilid ng refrigerator. Kung paano at kung gaano na ito katagal na nakatayo roon ay hindi niya alam.

Pinasadahan siya nito ng tingin.

"Hindi kita binabastos. I'm just admiring you.

You're very sexy, you know. You have all the curves that could drive a man crazy," he sexily drawled as he sized her up from head to feet, lingering a little longer on her breast. Parang kidlat na kaagad niyang naramdaman ang init ng titig nito sa kanyang katawan. Bigla siyang napayuko at maang na napatitig sa sarili. Her nipples were straining against the soft, thin fabric of her pajama top! Mabilis niyang naikrus ang mga braso sa dibdib dahil sa pagkapahiya, bagay na umani ng isang malutong na halakhak mula sa lalaki.

Pinigil ni Destiny ang sarili na sugurin ito at pagsasampalin. Sa halip ay tumalikod siya at ipinagpatuloy ang pagtitimpla ng tsokolate. Ramdam niyang nakatuon pa rin sa kanya ang mga mata nito. Hindi na lamang niya pinansin ang pangangalog ng kanyang tuhod at ang panginginig ng kanyang mga kamay, binale-wala ang init na dumadaloy sa kanyang buong katauhan. Nang matapos ay binitbit niya ang mainit na puswelo at akma na sanang lalabas ng kusina kung hindi humarang ang binata sa daraanan niya.

"P'wede bang tumabi ka riyan at paraanin mo ako kung ayaw mong mabanlian?"

"Mag-usap muna tayo, Des," seryosong sabi nito

at kinuha ang puswelo mula sa kanya. Ngunit dahil na rin sa inis ay muli niya iyong inagaw. Tumilapon ang lahat ng laman niyon at bumuhos sa kanya.

Impit siyang napasigaw nang maramdaman ang init sa kanyang dibdib hanggang sa bahagi ng puson. Maagap namang sumaklolo si Angelo. Kumuha ito ng ilang tipak ng yelo mula sa refrigerator at inilagay sa isang tabo na nilagyan ng tubig. Kinuha rin nito ang isang malinis na towel at inilublob sa malamig na tubig.

The next thing she knew, Angelo was tearing her pajama and dabbing the cold towel on her breast, down to her navel. Nang matapos ay kinuha nito ang burn ointment na nasa medicine cabinet. He applied a generous amount of the ointment on the affected skin with his fingers. Bahagyang nabawasan ang panghahapdi ng bahaging nabanlian, ngunit kakaibang init naman ang naramdaman ni Destiny.

She gasped out loud as he continued his gentle ministrations. She looked up into his dark brown eyes only to be shocked by the passion she saw in them. Kinabahan siya sa pagnanasang naaninag sa mga mata nito kaya kaagad niyang tinabig ang kamay nitong nakapatong pa rin sa gitna ng dibdib niya. Nanginginig ang mga daliring pinagsalikop na

lamang niya ang napunit na pajama upang takpan ang kahubdan, her eyes, all the while averting his face. Natatakot siyang muling makita sa mga mata nito ang kaparehong pagnanasa na nararamdaman niya.

"I... I'm, o-okay," she stammered, then walked past him in hurried, but uneasy steps.

"Destiny!" he called from behind.

"B-bukas na lang tayo mag-usap, A-Angelo." Hindi na niya hinintay pang muli itong magsalita. Nagmamadali na siyang umakyat pabalik sa kanyang silid.

Naiwang nakatigagal ang binata.